| | |
|---|---|
| **Mga Departamentong Apektado:** Klinika sa Fertility | **Tauhan:** Lahat ng Tauhan |
| **Pangalan ng Patakaran:** Fertility - Diskwento sa Walang Insurance para sa Pasyenteng May Kanser | |

## I. PAHAYAG NG PATAKARAN

Ang layunin ng patakarang ito ay tukuyin ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa mga diskwentong iniaalok sa Mga Pasyenteng May Kanser na tumatanggap ng mga serbisyo o nakatanggap ng mga serbisyo sa Klinika sa Fertility ng LPCH at walang insurance para sa mga serbisyo sa fertility.

Nakatuon ang Lucile Salter Packard Children's Hospital (LPCH) sa tuloy-tuloy na pagbibigay ng patas na diskwento sa Mga Pasyenteng May Kanser na walang insurance o nangangailangan ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa fertility na iniaalok ng LPCH. Ang patakarang ito ay para lang sa mga serbisyo sa fertility na ibinibigay sa Klinika sa Fertility ng LPCH at anumang serbisyong ibinibigay ng mga provider sa fertility ng LPCH.

Itinatakda ng patakaran ang mga alituntunin para sa pagbibigay ng diskwento sa Mga Pasyenteng May Kanser na Walang Insurance para sa mga medikal na kinakailangang serbisyo sa fertility. Maaaring mag-alok ng diskwento sa isang pasyenteng nakatira sa United States o sa ibang bansa para sa mga serbisyo sa fertility na ibinibigay ng LPCH kung natutugunan ng pasyente ang mga alituntuning nakatakda sa Patakarang ito.

## II. MGA KAHULUGAN

A. PASYENTENG WALANG INSURANCE

1. Isang indibidwal na walang anumang saklaw ng medikal na insurance; o
2. Isang indibidwal na may saklaw ng medikal na insurance ngunit walang benepisyo sa fertility sa ilalim ng planong ito o naubos na ang kanyang benepisyo sa fertility

B. PASYENTENG MAY KANSER

1. Isang indibidwal na na-diagnose na may kanser na sumasailalim sa paggamot na chemotherapy na maaaring makaapekto sa fertility sa hinaharap, AT nakatanggap o tumatanggap ng mga serbisyo sa fertility sa Klinika sa Fertility ng LPCH; O
2. Isang indibidwal na sumasailalim sa medikal na kinakailangang paggamot para sa isang sakit maliban sa kanser na maaaring makaapekto sa fertility sa hinaharap, na tutukuyin ng doktor sa fertility na nagbibigay ng pangangalaga sa indibidwal, AT nakatanggap o tumatanggap ng mga serbisyo sa fertility sa Klinika sa Fertility ng LPCH.

C. MGA KINAKAILANGAN SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA DISKWENTO SA PASYENTENG MAY KANSER NA WALANG INSURANCE

1. Magbibigay ang LPCH ng diskwento gaya ng nakasaad sa ibaba sa seksyon III.1.a sa mga indibidwal na nakakatugon sa kahulugan ng Pasyenteng May Kanser na Walang Insurance gaya ng nakasaad sa itaas sa seksyon II. A at B at nagpapatunay sa kanyang pagiging karapat-dapat.
2. Tutukuyin ng mga provider ng LPCH kung ang isang pasyente ay isang Pasyenteng May Kanser gaya ng tinukoy sa Patakarang ito at ilalapat nila ang pagtatalagang "Pasyenteng May Kanser" sa mga pasyenteng iyon. Tutukuyin ng Coordinator ng Insurance kung ang Pasyenteng May Kanser ay isang Pasyenteng Walang Insurance at samakatuwid ay karapat-dapat para sa diskwento.

3. Ang sinumang pasyenteng tumatanggap ng mga serbisyo sa Klinika sa Fertility ng LPCH ng mga provider ng LPCH ay maaaring i-screen kung natutugunan ang kwalipikasyon para sa nakasaad na diskwento.
4. Maaaring ialok ang diskwentong ito sa magulang o tagapag-alaga ng isang Pasyenteng May Kanser na Walang Insurance na wala pang 18 taong gulang.
5. Maaaring ialok ang diskwentong ito sa asawa o partner ng Pasyenteng May Kanser sa kundisyon na ang medikal na paggamot para sa asawa o partner ng Pasyenteng May Kanser ay medikal na kinakailangan para sa paggamot sa infertility na kasalukuyang tinatanggap ng Pasyenteng May Kanser.

**III. <u>PROSESO</u>**

A. DISKWENTO SA PASYENTENG MAY KANSER NA WALANG INSURANCE – MGA ALITUNTUNIN

1. Naaangkop na Diskwento at Mga Pagbubukod
   a. Ang halaga ng diskwento para sa mga pasyenteng karapat-dapat na makatanggap ng Diskwento sa May Kanser na Walang Insurance ay 50% (limampung porsyento) ng mga singil para sa mga medikal na serbisyong isinagawa sa Klinika sa Fertility ng LPCH. Tandaan: Hindi maaaring isama ang diskwentong ito sa anupamang diskwento.
   b. PAGBUBUKOD: HINDI malalapat ang diskwento sa anumang serbisyo sa fertility na hindi ibinigay sa Klinika sa Fertility ng LPCH. Maaaring kasama sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagsusuri sa laboratoryo na ipinadala sa laboratoryo na wala sa klinika o mga kautusan sa gamot na ibinigay ng isang parmasya na wala sa klinika.
   c. PAGBUBUKOD: HINDI malalapat ang diskwento sa anumang medikal na serbisyong ibinibigay sa asawa o partner ng Pasyenteng May Kanser na sinasaklaw sa ilalim ng insurance sa kalusugan ng asawa o partner ng Pasyenteng May Kanser o iba pang medikal na benepisyo.

B. Pagpapasya sa Pagiging Karapat-dapat

1. Impormasyong ibibigay ng Pasyente
   a. Pahintulot ng pasyente upang ma-access ng LPCH ang mga nauugnay na medikal na talaan ng pasyente.
   b. Ganap na makikipagtulungan ang pasyente sa proseso ng pangangalap ng impormasyon sa ilalim ng patakarang ito, at kapag hindi ito ginawa, maaaring maapektuhan ang kakayahan ng ospital na ibigay ang Diskwento sa May Kanser na Walang Insurance.
2. Tutukuyin ng LPCH ang pagiging karapat-dapat para sa Diskwento sa May Kanser na Walang Insurance alinsunod sa patakarang ito at hindi nito isasaalang-alang ang edad, kasarian, lahi, katayuan bilang imigrante, sekswal na oryentasyon, o pinaniniwalaang relihiyon ng isang indibidwal.

C. Pagsunod

1. Ang lahat ng miyembro ng workforce kabilang ang mga empleyado, nakakontratang tauhan, mag-aaral, boluntaryo, medikal na tauhang may kredensyal, at indibidwal na kumakatawan o nagsasagawa ng mga gawain sa LPCH ay responsable sa pagtiyak na sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito.

2. Ang mga paglabag sa patakarang ito ay iuulat sa Manager ng Departamento at sa anupamang naaangkop na Departamento ayon sa tutukuyin ng Manager ng Departamento, o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang matukoy ang uri, hangganan, at potensyal na panganib ng mga ito sa ospital. Ang mga miyembro ng workforce na lalabag sa patakarang ito ay papatawan ng naaangkop na parusa na hanggang sa, at kabilang ang, pagkakatanggal sa trabaho.

## IV. IMPORMASYON NG DOKUMENTO

A. Mga Sanggunian

| Sanggunian | Antas ng Ebidensya | Petsa ng Pagsusuri |
|---|---|---|
| Walang tinukoy. | | |

B. May-Akda/Orihinal na Petsa

M. Madrigal, Manager of Financial Counseling, Setyembre 2018

C. Mga Kinakailangan sa Pamamahagi at Pagsasanay

Ang patakarang ito ay nasa Pang-administratibong Manual ng Stanford Medicine Children's Health.

D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew

Susuriin at/o babaguhin ang patakarang ito bawat tatlong taon, o kung kinakailangan ayon sa pagbabago ng batas o kasanayan.

E. Kasaysayan ng Pagsusuri at Pagbabago

M. Browne, Assoc. CMO for Accountable Care, M. Komrowski, Sunnyvale Site Director, M. Madrigal, Financial Counseling Manager, O. Lopez, Population Health Program Manager, Nobyembre 2019

Fertility Executive Leadership Committee: 11/19

Finance Committee: 11/19

M-A, Browne, Assoc. CMO for Accountable Care, S. Tienken, VP Revenue Operations, M. Mayberry, Fertility Director, O. Lopez, Population Health Program Manager, K. Karmarker, Exec. Dir- Revenue and Billing Integrity, M. Madrigal, Financial Counseling Manager, Enero 2025

F. Mga Pag-apruba

Revenue Cycle: 11/19, 2/25

ACMO: 2/25

Controller: 3/25

Board of Directors: 9/21, 3/25

Ginawa ang dokumentong ito para gamitin ng mga tauhan ng Stanford Medicine Children's Health.
Walang representasyon o garantiya na ginagawa para gamitin sa labas ng institusyon.
Hindi ito maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng institusyon nang walang pahintulot.